

## Mula sa Pamatnugutan

Ma. Carmen V. Peralosa, Ph.D. Cand.

*Kawaksing Propesor, Miriam College*

**B** limitadong Pagbabasa  
Bukod sa pagsasagawa ng mga taunang pambansang *seminar-workshop* at mga sampaksaan,<sup>1</sup> itinataguyod ng Bagong Kasaysayan, Inc. ang mga gawain ng Bahay Saliksikan sa Kasaysayan na paglalathala ng mga pag-aaral, mga libot-panayam, lakbay-aral at pakikipagtulungan sa mga organisasyong propesyunal at samahang pangkasaysayan.<sup>2</sup>

---

<sup>1</sup> Tinutukoy dito ang mga taunang *seminar-workshop* para sa mga guro mula elementarya hanggang pamantasan kaalinsabay ng pagpapalaganap ng Pantayong Pananaw (PP) at ng Bagong Kasaysayan (BAKAS), at ng pakikipagtalastasan sa balana sa pamamagitan ng Internet (*cf. bagongkasaysayan.multiply.com at sayt ni a.n.b. zas*). Ang ika-10ng Pambansang BAKAS Seminar Workshop ukol sa Historiograpiya at Agham Panlipunan naman na may temang “KASAYSAYAN AT KAPILIPINUHAN: Bagong Balangkas” ay ginanap noong Abril 18-21, 2012 sa Don Bosco Technical Institute, Makati. Kaugnay ng mga sampaksaan, bukod sa mga pumapaksa sa mga natatanging temang pangkasaysayan itinatampok din nito ang serye ng mga sampaksaan ukol sa Pantayong Pananaw at kay Dr. Jose Rizal.

<sup>2</sup> Sa kasalukuyan, may mga 20ng aklat na at monograp ang nailathala ng BAKAS bilang Bahay Saliksikan sa Kasaysayan.

Sa katunayan, ang kasalukuyang aklat ang kinalabasan ng isa sa mga libot-panayam ng Bahay Saliksikan sa Kasaysayan o ng isang pagtitipon ng mga kasapi, katalastasan at kasama sa gawain upang pakinggan ang paglalahad ng resulta ng pananaliksik ng, sa pagkakataong ito, isang naanyayahang pantas na sa umpisa’y hindi pa isang kasapi o hindi dati nang katalastasan. Hindi tulad ng mga karaniwang pagtitipong pang-akademiko, tampok sa mga libot-panayam ng Bahay Saliksikan sa Kasaysayan ang talastasan sa pagitan ng mga dumalong pantas, akademiko, mga kasamang guro at mag-aaral, na naglalayong maglinaw, magpalalim at magpalawak ng pagkaunawa ng lahat (maging ng naanyayahang magbahagi mismo) sa paksang nakahain.<sup>3</sup> Sa kasalukuyan, may higit sa labinglima na ang nagaganap na ganitong pagtitipon<sup>4</sup> subalit ito

---

<sup>3</sup> Kaiba sa diskursong kanluranin na sa katunayan ay simpleng pagpapalitan lamang ng kuro-kuro, ang talastasang Pantayo ay kolektibo o sama-samang pagpapa-“talas” o pagpi-“pino” ng kaalamang sinasaliksik, kaalinsabay ng sama-sama ring pagpapalalim sa pagkaunawa rito ng mga nakikibahagi sa talastasan. Implisito sa ganitong palitan ang pagkapaloob ng mga nagtatalastasan sa iisang batayang pangkalinangan, bilang ugat at tuntungan ng lumalawig/pinalalawig na pagkaunawa ng bawat isa sa mga konseptong lumilitaw sa daloy ng talastasan sa wikang pambansa. Ipinaliliwanag ang “talastasang bayan” sa isang aklat na naglalagom sa mga kaisipan ni Dr. Zeus Salazar, ang Atoy Navarro, *et al* (mga pat.), *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambungad na Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2003, pah. 1.

<sup>4</sup> Apat sa mga halimbawa nito na ginanap nitong mga nakaraang taon lamang ay ang kina: Dr. Estela Padilla (Pastoral Coordinator ng *Bukal na Tipan*) tungkol sa teolohiya ng “Katawan bilang Dalumat na Pilipino” noong ika-21 ng Disyembre, 2007 sa Bahay Escaler, Loyola Heights; Dr. Portia Reyes (National University of Singapore) tungkol sa “Subaltern Studies at Pantayong Pananaw” noong ika-21 ng Enero, 2008 sa Bahay Escaler, Loyola Heights; Prop. Myfel Joseph D. Paluga (U.P. Davao) patungkol sa “Mga Talâ at Tanong sa (di-buong) Pag-aaghamtao” noong ika-23 ng Abril, 2008 sa Archaeological Studies Program, U.P. Diliman; Prop. Roland Macawili (Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Sta. Mesa) ukol sa “Indigenous Archaeology at ang Katuturan nito sa Pilipinas” noong ika-9 ng Hulyo, 2011 sa Archaeological Studies Program, U.P. Diliman; at ang pinakahuling BAKAS libot-panayam, ang kay G. Lorenz Lasco (BAKAS, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan) na pumaksa sa “Mga Sandatang Pilipino sa Europa at Estados Unidos” at ginanap noong ika-23 ng

ang kauna-unahang pagkakataon na tahasang hahantong ang kinalabasan ng isang libot-panayam sa paglilimbag ng aklat.

Tulad ng ipinaliliwanag ni Prop. Michael Charleston “Xiao” B. Chua sa kanyang pagpapakilala kay G. Jaime Figueroa Tiongson, Pangalawang Pangulo ng Pila Historical Society Foundation, Inc. at pangunahing may-akda ng aklat na ito, nagsimula ang pagbubuo ng aklat sa pamamagitan ng libot-panayam ni G. Tiongson tungkol sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (IBTL). Sa pagtutulungan ng BAKAS, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc. napagpasiyahang ilathala ang mga pag-aaral na pinagsama-sama sa aklat na ito. Gamit ang sariling pangkalahatang perspektibang pangkasaysayan, ibinalangkas ni Dr. Zeus A. Salazar ang kabuuang daloy ng aklat; at sa pamamagitan din ng kanyang masigasig na paggabay at pakikipag-ugnay at pag-uugnay-ugnay sa lahat ng mga sangkot sa proyekto ay natapos din ang aklat sa loob ng mahigit-kumulang tatlong taon. Ang publikasyon ay sumailalim din sa masusing pagsusuri (*i.e., double-blind peer review*) ng tatlong kilalang eksperto sa mga larangan ng kasaysayan, arkeolohiya, etnograpiya at sosyolohiya, mga larangang kinapapalooban ng aklat. Malaki rin ang papel sa proyektong ito ng pangulo ng samahang pangkasaysayan ng Pila na si Ms. Cora M. Relova, hindi lamang sa naganap na lakbay-aral ng grupo sa Laguna kundi maging sa paglalathala mismo ng aklat. Napakiusapan din maging si Dr. Luciano P. R. Santiago, ang pangunahing

---

Nobyembre, 2012 sa Bulwagang Rizal, U.P., Diliman. Nakikipagtulungan rin ang BAKAS, Inc. sa U.P. Lipunang Pangkasaysayan (LIKAS), sa Katipunan Linangan ng Kasaysayan (KALIKAS)-NTC at PNU at sa iba’t ibang Dibisyon ng DepEd; itong huli upang magsagawa ng mga *teacher training programs* para sa mga pampublikong guro ng elementarya at sekondarya na nagtuturo ng Sibika at Kultura, at Kasaysayan.

historyador ng Pila at Laguna, na lumahok sa proyekto sa pamamagitan ng isang ambag tungkol sa kasaysayan ng Pila.

Ang iba pang kalahok ay mula sa BAKAS, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan at sa Archaeological Studies Program (ASP) ng U.P. Diliman. Sumama rin sa unang lakbay-aral ng mga may-akda sa buong rehiyon ng Puliran ng IBTL ang ilang kasapi ng U.P. LIKAS, kapwa di-pa-gradwado at gradwadong mag-aaral na nagtuturo sa U.P. Los Baños. Ang ilan sa mga gurong ito, partikular si Prop. Adonis Elumbre, ay nakatulong din sa proyekto sa pamamagitan ng kanilang kaalaman ukol sa Laguna. Ang lakbay-aral ay naging posible sa kapwa pagtataguyod ng Linangan Educational Trips, Co. at ng BAKAS, Inc. Kasali naman sa tatlong araw na lakbay-aral sa Binawangan, Capalonga, Camarines Norte ang halos lahat ng may-akda.

May apat na bahagi ang libro. Ang una, patungkol sa mismong “**Pagsusuri ng IBTL**,” ay binubuo ng introduksyon ni Prop. Chua hinggil sa pagkabuo ng proyekto at sa pinakatampok na pag-aaral ng buong aklat, na siya ring ginawang pamagat nito -- i.e., “*Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*” ni G. Tiongson.

Ang pangalawang bahagi ng libro ay patungkol naman sa tatlong “**Pagpapahalaga**” sa pag-aaral ni G. Tiongson. Ang papel ni Dr. Grace Barretto-Tesoro ng ASP, U.P. Diliman ay “*Ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna: Isang Pagpapakahulugan mula sa Perspektiba ng Arkeolohiya*.” Binibigyang-katuturang pangkasaysayan naman ni Prop. Nancy Kimuell-Gabriel ng San Beda College (Maynila) “*Ang Tundo sa Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna (900-1588)*,” samantalang inaanalisa ni Dr. Lars Raymund C. Ubaldo ng Pamantasang De La Salle (Maynila) “*Ang Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna bilang isa sa mga Batayan ng Pag-iral ng Pamayanang Tatawaging Katagalugan*.” Kapwa historyador sina Prop. Kimuell-Gabriel at

Dr. Ubaldo, samantalang arkeolohista at lingguwista naman si Dr. Barretto-Tesoro.

Nakapaloob naman sa pangatlong bahagi ang mga “**Karagdagang Ambag.**” Sa “*Mula Pulilan hanggang Binwangan: Dalawang Lakbay-aral sa Rehiyon ng IBTL,*” sinasariwa ni G. Timothy James “Taj” R. Vitales ng Pambansang Museo ng Pilipinas ang dalawang “*pamumulilan*” ng mga kasama sa proyekto kapwa sa rehiyon mismo ng “Puliran” (Laguna-Rizal) ng IBTL at sa iniuugnay ritong Binawangan (Capalonga, Camarines Norte) bilang Binwangan ng IBTL. Kaugnay nito ang “*BINAWANGAN: Ang Paghahanap sa ‘Binwangan’ ng IBTL*” ni Ms. Donna N. Arriola ng ASP, U.P. Diliman. Detalyadong tinatalakay sa huli ang tatlong araw na lakbay-aral ng mga mananaliksik sa Capalonga o “Kapalongan,” Camarines Norte at sa Quezon at Laguna muli.

Sinusundan ang dalawang nabanggit na papel ng “*Mula Maynila tungong Paracale: Ang mga Ekspedisyon ni Juan de Salcedo*” nina Ms. Joan Tara R. Reyes at Ms. Elle S. Lim, kapwa mag-aaral sa ASP, U.P. Diliman. Patungkol ito sa unang pagtahak sa naging itineraryo ng dalawang lakbay-aral na isinalaysay ni G. Vitales, bagamat mas nahirapan sina Salcedo na, lampas pa ng Camarines Norte, ang ekspedisyon ay tahasang tumungo sa rehiyon ng sistemang ilog ng Bikol hanggang Libon (na binansagan ding “*noble villa,*” tulad ng Pila). Mangyari pa, ang hangarin nina Salcedo ay laging makatuklas ng minahan ng ginto.

Ginto o *bulawan*, katagang Bikol at ng Timog Pilipinas kumpara sa *balitok* na katagang Tagalog na laganap din sa hilagang Luzon hanggang Kordilyera, ang sentral na usapin sa IBTL kung saan ang Pailah ay itinutumbas sa aklat na ito sa Pila, Laguna. Tampok ang ginto sa simula at sa agos ng kasaysayan ng buong Katagalugan, partikular na ng Pila. Isinasalaysay ni Dr. Luciano P. R. Santiago ang nakaraan ng bayang ito sa “*Sinaunang Pila: Mula Pailah sa Pinagbayanan (900 MK – bk 1375) hanggang*

*Pagalangan (bk 1375 – 1811)*” upang maipakita kung bakit ang Pailah/Pila ay nataguriang “pinagpala.”

Bukod sa usapin ng ginto bilang pamantayan ng halaga ng pagkakautang at ng pambayad ng utang, ang Pila bilang Pailah ng IBTL ay kaugnay ng Lumban, *hindi lamang dahil* dito sa huling bayan natagpuan ang nakarolyong Binatbat na Tanso ng Laguna (BTL) na ang inskripsyon ay nag-uugnay din sa Pila at Tundo, *kundi dahil din* sa mas malamang kaysa hindi ay ang Lumban(g) ang siya mismong dating Mdang, o Medang/Madang/Marang, na nababanggit sa IBTL bilang bayan ng nagkakautang na si Dayang Akitan, ina ni Namwaran. Ito ang isa sa maraming katanungang tinatangkang sagutin at bigyang linaw sa pangalawang ambag na papel ni Dr. Barretto-Tesoro sa aklat na “*Ano at Saan ang Lumban sa Pagdating ng Kastila?*”

Ang usapin ng ginto sa sinaunang Pilipinas ay mas pangkalahatang tinatalakay ni Prop. Michael Armand P. Canilao ng ASP, U.P. Diliman at Ateneo de Manila Departamento ng Sosyolohiya at Antropolohiya sa kanyang “*Ang Ginto ng Tagalog at ang Tradisyunal na Teknolohiya ng Pagmimina nito.*” Kung naging higit na mahalaga ang ginto sa panahon ng IBTL kapwa sa ugnayang panlipunan at pang-ekonomiya, pundamental din kung hindi man mas pundamental kaysa ibang aktibidad pangkabuhayan, ang pagsasaka sa pagpapanatili ng lipunan-at-kalinangan ng mga Tagalog noong panahong iyon. Dito nakatuon ang pag-aaral ng “*Ang mga Tera-terasang Palayan ng Laguna at Tayabas: Batayan ng Kabuhayan noong Ika-10ng Dantaon?*” kung saan inuusisa ni Ms. Anna Carla L. Pineda ng ASP, U.P. Diliman ang papel at kahalagahan ng mga hagdan-hagdang palayan mula Mauban at Quezon hanggang Kasumuran at pati na Batangas sa sinaunang lipunan ng Katagalugan.

Sa “**Pangkalahatang Perspektiba**” ng pang-apat na bahagi, itinutuon ni Dr. Zeus A. Salazar, retiradong propesor ng U.P. Diliman at Pamantasang De La Salle-Maynila, sa

pagkakaugnay ng “*TUNDUN-PAILAH-BINWANGAN: Ang Sistemang Ilog Ilaya-Ilawud’ ng Katagalugan bilang Halimbawa ng Isang Proseso ng Pagkabuo ng mga Sinaunang Pamayanan ng Kapilipinuhan.*” Nililiwanag dito *hindi lamang* ang pagkakakabit-kabit ng tatlong rehiyon ng Tundo-Maynila, ng Pila-Lumban(g)[Medang] at buong Pulilan, at ng Binawangan-Kapalongan-Paracale sa magiging Camarines Norte, *kundi gayundin* ang relasyon ng mga bayan sa mga rehiyong ito, partikular na sa Puliran [Pulilan] ng IBTL. Dito sa huling rehiyon, tinutukoy ni Salazar ang pagkakaugnay ng Puliran/Pulilan sa Kalaylayan (Mauban, Quezon) sa harap ng Karagatang Pasipiko mula pa marahil sa pagdating ng mga Austronesyano sa kabaybay-dagatan ng Silangang Luzon, laluna’t may natitirang monumentong prehistoriko sa Puliran sa anyo ng mga *Petroglyphs ng Angono* sa Binangonan. Sinusuri rin ni Salazar ang pagkakaugnay kapwa ng Tundo at Pila sa Butuan (na marahil ay Dewata ang pangalan noong ika-10ng dantaon), sa pamamagitan ni Jayadewa na katutubo ng Dewata. Mahalaga rin ang naging ugnayan ng Tundo/Maynila kapwa patungong hilaga sa pamamagitan ng **sistemang ilog ng Pampanga** kasama ang mas maliit na **ilog Angat**, at patungong Sulu at Brunei pagdating ng oras, ngunit sa panahong malapit nang magkaenkwentro ang Kapilipinuhan at ang Espanya. Sa panahong iyon malakas na ang ugnayan ng Sulu at Butuan, kung saan manggagaling ang mga pinuno ng una bago ito maging estadong Muslim.

Patungkol sa Butuan, ang Ilog Agusan ang nag-uugnay ng maagang sentrong ito ng Kabihasnang Pilipino sa buong *hinterland* nito patungo sa mismong Agusan Marsh. Hindi pa gaanong napag-aaralan sa pamamagitan ng arkeolohiya at kumparatibong etnograpiya ang pagkakaugnay-ugnay ng mga bayan sa **sistemang ilog** na ito **ng Agusan** sa daloy ng kasaysayan, tulad ng hindi pa rin nauusisa ang patungkol sa **sistemang ilog ng Pulangi** (maliban sa panahon ng pagkabuo ng sultanato ng Magindanaw rito kasama ang halos karugtong na sistemang **ilog Davao**), **ng Bikol** (na madali namang iugnay

sa sistemang **ilog ng Pasig** hanggang Binwangan sa pamamagitan ng ginto ng Paracale, tulad ng mahihinuha sa libro ring ito); **ng Agno** (mula Lingayen hanggang sa teritoryo ng mga Ibaloi ng Kordilyera); at mangyari pa, ng buong **sistemang ilog ng Cagayan**, na ang kasaysayan ay tumatagos hanggang sa pinakamalalim na prehistorya. Sa katunayan, napapanahon na talagang pag-aralan ang kabuuang kasaysayan ng Kapilipinuhan sa pamamagitan ng nakaraan ng mga sistemang ilog na nabanggit.

Sa ngayon, ang sistemang ilog Pasig lamang ang panimulang napag-aaralan sa sentido ng lokasyon ng buong prosesong pangkasaysayan ng isang grupong etnolingguwistiko, ang Katagalugan. Isa itong prosesong pangkasaysayan kung saan mahihinuha ang pagkakaugnay kapwa ng sistemang ilog ng Bikol at ng Agusan (Butuan/Dewata) na tila nasasalalay sa isang “kabihasnan ng ginto” at sa pagpapatuloy ng paglalayag na Austronesyano.

## Limitadong Pagbabasa

Sa huli, sana maipagpatuloy ang serye ng mga gawaing ito na pinasisimulan ng kasalukuyang aklat, sa partikular sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga dalubhasa mula sa iba’t ibang disiplina, at hindi lamang sa pagtangkilik at pagsusumikap ng nagtutulungang samahan ng BAKAS, Inc.-Bahay Saliksikan sa Kasaysayan at Pila Historical Society Foundation, Inc. kundi bilang isang gawaing tunay na pambansa ng mga disiplinang pangkasaysayan, kasama ang arkeolohiya, kumparatibong etnograpiya, heograpiya, lingguwistika at iba pa.